




Sama-sama tayong gumawa ng Sariling Timeline!

~ Gabay na Libreta ~

Pag-isipan bago dumating ang bagyo!

Forecast ng panahon "Maraming ulan ang bubuhos"

Tingnan natin ang mga impormasyon sa panahon



Tingnan natin ang mga bagong impormasyon

Impormasyon sa payo na mag-ingat sa pag-apaw

はんらんちゅういじょうほう
氾濫注意情報

Antas 3
na babala sa pag-ingat

Impormasyon sa pag-iingat sa pag-apaw

はんらんけいかいじょうほう
氾濫警戒情報

Paglikas ng matatanda, atbp

こうれいしゃとう ひなん
高齢者等避難

Maghanda para tumakas

Antas 4
na babala sa pag-ingat

Impormasyon sa panganib ng pag-apaw

はんらんきけんじょうほう
氾濫危険情報

Utos ng paglikas

ひなんしじ
避難指示

Tumakas na!

はんらんはっせいじょうほう
氾濫発生情報

Impormasyon sa pagkaroon ng pag-apaw

Antas 5
na babala sa pag-ingat

Emerhensiyang pagtiyak sa kaligtasan

きんきゅうあんぜんかくほ
緊急安全確保

Mag-ingat sa isang ligtas na lugar!



1

Panimula

- 01 Tungkol sa Sariling Timeline 1
- 02 Bakit mahalaga ang Sariling Timeline? 2
- 03 Ang sunud-sunod na mga hakbang sa paggawa ng Sariling Timeline . . . 2

2

Gumawa ng Sariling Timeline

- 01 Alamin ang mga panganib kapag umapaw ang tubig ng ilog! 3
- 02 Pag-isipan ang paghanda upang makatakas! 5
- 03 Pag-isipan kung saang lugar tatakas! 7
- 04 Gumawa ng Sariling Timeline! 9
- 05 Halimbawa ng pagsulat ng Sariling Timeline 11

3

Mga gagawin bago dumating ang bagyo

- 01 Maghanda para tumakas! 12
- 02 Tsekin ang mga impormasyon sa bagyo at ulan! 13
- 03 Tsekin ang taas ng tubig sa ilog! 14

01

Tungkol sa Sariling Timeline

- Ang Sariling Timeline ay isang materyal para sa ligtas na pagtakas kapag malapit nang umapaw ang tubig ng ilog. Pag-isipan kung paano tatakas bago bumuhos ang ulan.
- Ang “逃げキッド” ay isang materyal na tumutulong sa paggawa ng Sariling Timeline.
Bago umapaw ang tubig ng ilog, alamin ang mga impormasyong nilalabas ng City Hall, atbp, at ang mga kailangang paghahanda!
- Gumawa ng Sariling Timeline at ligtas na tumakas!





02 Bakit mahalaga ang Sariling Timeline?

- Taun-taon, umaapaw ang ilog at gumuguho ang mga bangin, na ikinamatay ng maraming tao. Ang madalas na dahilan ay ang mabagal na pagtakas.
- Gumawa ng “Sariling Timeline” para lahat ay ligtas na makakatakas.

Setyembre 2015

Malubhang ulan ng Kanto at Tohoku (= maraming ulan)

Mabagal ang pagtakas

- Mabagal ang pagtakas ng 4,300 katao.
- Pagkatapos nito, inumpisahan ang Sariling Timeline.




提供：国土交通省関東地方整備局

Bagyo sa Eastern Japan noong taong 2019 (Oktubre 2019)

Namatay nang tumatakas

- Umapaw ang tubig ng ilog at malawak na kumalat.
- Maraming taong mabagal ang pagtakas at marami ring namatay nang tumatakas.



提供：国土交通省東北地方整備局

03 Ang sunud-sunod na mga hakbang sa paggawa ng Sariling Timeline

- ① Alamin ang mga panganib kapag umapaw ang tubig ng ilog



P3

- ② Pag-isipan ang paghanda upang makatakas




P5

- ③ Pag-isipan kung saang lugar tatakas



P7

- ④ Gumawa ng Sariling Timeline



P9

01 Alamin ang mga panganib kapag umapaw ang tubig ng ilog!

A-1 Tiyakin ang hazard map ng baha

▶ Ang inyong tinitirahang lugar ay

◇ Gaano katas ang “浸水深” (= taas na inaabot ng umaapaw na tubig ng ilog)?

0.5~3.0 m


◇ Gaano katagal ang “浸水継続時間” (= naiwang oras na may umaapaw na tubig ng ilog)?

24 oras

◇ “家屋倒壊等氾濫想定区域” (= maaaring masira ang bahay kapag umapaw ang tubig ng ilog) ba ang inyong lugar?

☐ Oo

☒ Hindi



↑ ay halimbawa.
Tingnan ang mapa.

- Una, alamin ang mga panganib kapag umapaw ang tubig ng ilog.
- Kapag alam ang mga panganib, mapag-iisipan ang paraan ng pagtakas.



Imbistigahan natin ito


- Tingnan ang hazard map ng baha na ginawa ng City Hall, atbp.
- Malalaman ang “浸水深 (= taas na inaabot ng umaapaw na tubig ng ilog)”, “浸水継続時間 (= naiwang oras na may umaapaw na tubig ng ilog)” at “家屋倒壊等氾濫想定区域 (= maaaring masira ang bahay kapag umapaw ang tubig ng ilog)”.

ハザードマップ ポータルサイト

portal site ng hazard map



Makikita ang mga impormasyon ng buong bansa sa portal site ng hazard map.





Alamin ang ibig sabihin ng hazard map ng baha

- Sa hazard map ng baha, may iba't ibang paraan ng pagsulat batay sa tinitirahang lugar.
- Alamin ang mga panganib kapag umapaw ang tubig ng ilog.



“浸水深” (= taas na inaabot ng umaapaw na tubig ng ilog)

Tiyakin Dumadating ba ang tubig sa lugar na tinitirahan? Gaano kataas umaabot ang dumadating na tubig?

		Unang palapag	Ika-2 palapag	Ika-3, 4 na palapag	Ika-5 palapag
Ika-3, 4 na palapag	5m~10m	×	×	×	○
Ika-2 palapag	3m~5m	×	×	○	○
Unang palapag	0.5m~3m	×	○	○	○
Mas mababa sa sahig ng unang palapag	Mas mababa sa 0.5m	○	○	○	○

× : Tumakas na ○ : Ligtas dito (kapag matibay na gusali)



*Kapag ang silid ay mas mataas kaysa sa tubig na pumapasok, ayos lang na manatili sa loob ng silid.


Tiyakin din kung may iba pang mga panganib, tulad ng panganib ng pagguho ng mga bangin.

“浸水継続時間” (= naiwang oras na may umaapaw na tubig ng ilog)

Tiyakin Gaano katagal bago makapagmaneho o makakalakad?

Naiwang oras para sa 0.5m na taas ng tubig


- Mas maikli sa 12 oras
- 12 oras ~ 1 araw
- 1 araw ~ 3 araw
- 3 araw ~ 1 linggo
- 1 linggo ~ 2 linggo
- 2 linggo ~ 4 linggo
- Mas matagal pa sa 4 linggo



- Ang mga taong naninirahan sa mga lugar na ang taas ng tubig ay mahigit sa 0.5m o matagal ang naiwang oras, dapat pag-isipan ang tumakas.
- Para sa mga taong maiwan sa bahay, kailangang maghanda ng pagkain, inumin, atbp, na kailangan hanggang mawala ang umapaw na tubig ng ilog.

“家屋倒壊等氾濫想定区域” (= maaaring masira ang bahay kapag umapaw ang tubig ng ilog)

Tiyakin Naririto ba ang inyong bahay?



- Ito ay lugar na maaaring masira ang mga bahay na gawa sa kahoy.
- Mapanganib na lugar ito kaya bilisan ang pagtakas.



A-2 Tiyakin ang kalagayan ng pamamahay

Sasakyan ☐ Wala ☒ Meron (**1**) sasakyan

Pet ☐ Wala ☒ Meron (Uri: **1 pusa**)

Ginagamit na gamot
☒ Wala ☐ Meron (Uri:)

Taong kailangan ng tulong para tumakas
☒ Wala ☐ Meron (Pangalan:)

- Upang makatakas ng mabilis kapag mapanganib, tiyakin ang kalagayan ng pamamahay.
- Isulat ang mga dapat ihanda.



Sasakyan	<ul style="list-style-type: none"> • May mga lugar din na hindi dapat tumakas na gamit ang sasakyan. • Tiyakin ang mga alituntunin sa tinitirahang lugar. • Bago dumating ang tubig, lagyan ng gasolina ang sasakyan at ilipat sa isang ligtas na lugar. • Maaaring hindi na malalagyan ng gasolina ang sasakyan pagkatapos umapaw ang tubig ng ilog.
Pet	<ul style="list-style-type: none"> • Tiyakin kung maaaring madala ang pet sa “避難所” (= lugar na ligtas na matatakas). • Kailangan ang pagkain ng pet at hawla rin.
Ginagamit na gamot	<ul style="list-style-type: none"> • May kaso na ang ospital ay nagsasara kapag umapaw ang tubig ng ilog. Kumuha ng maraming gamot.
Taong kailangan ng tulong para tumakas	<ul style="list-style-type: none"> • Kung matagal ang oras ng pagtakas, tumakas ng maaga.

Column Regular na maghanda ng mga pagkain at inumin. “Pinapaikot na stock”

- Bilhin ang mga pagkain, atbp, na maaaring itabi nang matagal, at bumili ng karagdagan bago maubos kainin.
- Kapag palaging may nakahandang pagkain sa bahay, maaari itong kainin kapag may nangyaring sakuna o kapag tumakas.





Ano ang dadalhin sa pagtakas?

- Pasyahan kung ano ang dadalhin sa oras ng pagtakas. Dalhin lamang ang mga gamit na talagang kailangan.
- Kapag maiwan sa ligtas at matibay na bahay, isaisip ang naiwang oras na may umaapaw na tubig ng ilog, at maghanda ng pagkain, inumin, atbp.



Halimbawa ng mga dalahin sa oras ng pagtakas

! Pagisipan!

- Ano ang dadalhin kapag umalis sa 3 araw na biyahe?
- Pag-isipan ang mga bagay na wala sa mga convenience store (mga bagay na kailangan para sa sanggol o matatanda, mga bagay na kailangan para sa allergy), atbp.

Mga bagay na nakakatulong kapag tumakas

- Pitaka, gamot (Libreta ng Gamot)
- Mga alaala (larawan, singsing, atbp.)
- Mga bagay na mahalaga sa mga anak (laruan, atbp.)
- Mobile phone (baterya)
- Sasakyan (lagyan ng gasoline)
- Residence Card, pasaporte
- Libreta ng Ina at Bata
- Selyo ng pangalan, My Number Card, kard ng banko
- Damit, sapatos
- Pagkain, inumin
- Kompyuter
- Gamit sa regla (disposable sanitary napkins)
- Set ng sepilyo / pangmumog
- Extension cord
- Tuwalya, unan
- Mahahalagang papeles
- Pustiso, salamin sa mata, contact lens
- Materyales na nagpapakita kung ano ang hindi makakain



おかやましえん さくせい まび すいがい まな ひなんじ も に さくせい
岡山支援まびHouse作成「真備の水害に学ぶ避難時に持って逃げるべきもの」から作成

Iba pa, mga bagay na dapat ingatan

- Kapag tumakas na naglalakad, hindi makakapagdala ng maraming bagay.
- Kapag umuulan sa oras ng pagtakas, kailangan ng damit pampalit.
- Pag-isipan kung ano ang gagawin sa sasakyan.
- Dalhin ang mga bagay na mahalaga sa mga anak.
- Upang makatakas agad, ilagay ang mga dalahin sa isang napsak.



03 Pag-isipan kung saang lugar tatakas!

A-3 Tiyakin kung saan tatakas

Lugar na tatakasan		Paraan ng pagtakas	Kailangang oras
Ang malapit na “避難所” (= lugar na ligtas na matatakasan) na nakalagay sa hazard map ng baha.	Mababang paaralan ng Minami	<input checked="" type="checkbox"/> Lakad <input type="checkbox"/> Bisikleta <input type="checkbox"/> Sasakyan <input type="checkbox"/> Tren <input type="checkbox"/> Iba pa ()	15 minuto
Ang hindi inaabot ng tubig ng ilog na bahay ng kakilala, silid-aralan ng wikang Hapon, simbahan, atbp	Bahay ng kaibigan	<input type="checkbox"/> Lakad <input checked="" type="checkbox"/> Bisikleta <input type="checkbox"/> Sasakyan <input type="checkbox"/> Tren <input type="checkbox"/> Iba pa ()	10 minuto
Malapit na ligtas at matibay na gusaling hindi inaabot ng tubig ng ilog	Ospital	<input checked="" type="checkbox"/> Lakad <input type="checkbox"/> Bisikleta <input type="checkbox"/> Sasakyan <input type="checkbox"/> Tren <input type="checkbox"/> Iba pa ()	3 minuto

Pag-isipan ang iba't ibang lugar na matatakasan.



Ang malapit na “避難所” (= lugar na ligtas na matatakasan) na nakalagay sa hazard map ng baha.

- Maaaring makatanggap ng mga kailangang bagay pagkatapos tumakas.

Ang hindi inaabot ng tubig ng ilog na bahay ng kakilala, silid-aralan ng wikang Hapon, simbahan, atbp

- Magtanong kung maaaring tumakas doon kapag umuulan nang malakas.
- Kung walang matakasang lugar, pag-isipan din na tumakas sa isang hotel.

Iba pa

- Habang tumatakas at sa palagay ay mapanganib, tumakas sa isang malapit na mataas na lugar.

Column Tanong ... Alin ang pipiliin kapag tumakas?

Ang sagot ay nasa P10



1

Sa pagtakas, anong bag ang gagamitin?

A. Napsak

B. Papel na bag



2

Sa pagtakas, anong sapatos ang susuotin?

A. Madaling makakilos na sapatos

B. Bota





Pag-isipan ang tungkol sa pagtakas

Tingnan ang P3 at pag-isipan kung kailangang tumakas o hindi.
At pag-isipan din kung saan tatakas.

Oo Hindi

Ang inyong bahay ba ay nasa lugar na dinadatnan ng tubig ng ilog?

Nasa “家屋倒壊等氾濫想定区域” (= maaaring masira ang bahay kapag umapaw ang tubig ng ilog) ba?

Nasa lugar na ang dumarating na tubig ng ilog ay umaabot ng mahigit 0.5m ang taas?

Kapag dumating ang tubig ng ilog, pumapasok ba sa lahat ng silid ng bahay ang tubig?


Ayos lang na manatili sa bahay

Mag-ingat lamang sa loob ng bahay. Kapag ang bahay ay nasa mababang lugar o sa kasong lumalapit ang tubig ng ilog, pag-isipan din ang pagtakas.



Tumakas sa mataas na palapag

Maaaring pumasok sa loob ng bahay ang tubig. Tumakas sa lugar na mas mataas sa taas ng tubig na pumapasok.



Tumakas sa isang lugar na ligtas*

Maaaring pumasok sa lahat ng silid ng bahay ang tubig ng ilog. Lumabas sa bahay at tumakas sa isang lugar na ligtas.



Batay sa tinitirahang lugar, iba' t iba ang paraan ng pagtakas. Tiyakin lamang.

※ Kapag mapanganib tumakas pagkatapos umapaw ang tubig ng ilog, mag-ingat na manatili sa pinakaligtas na lugar sa loob ng bahay.

04 Gumawa ng Sariling Timeline!

- Idikit ang **Selyo** sa Sariling Timeline at gawin ang Sariling Timeline.
- Kapag malakas ang buhos ng ulan, tiyakin ang mga impormasyon sa paglikas at ang taas ng tubig sa ilog, pag-isipan kung kailan at ano ang gagawin.

- 1 Kung ang pag-apaw ng tubig ng ilog ay sa "0 oras" nakasulat ang mga oras mula sa pag-umpisa ng bagyo.

Ang oras hanggang sa pag-apaw ng tubig ng ilog ay naiiba batay sa bagyo.

- 2-1 Tiyakin ang mga impormasyong nilalabas ng Japan Meteorological Agency, atbp.

- Alamin ang tungkol sa darating na ulan at ang dami ng tubig ng ilog sa website ng Japan Meteorological Agency, City Hall, atbp, at sa SNS, atbp.
- Tungol sa taas ng tubig sa ilog at mga antas ng pag-iingat, mga payo na mag-ingat at babala, tsekin ang ibig sabihin ng wikang Hapon.

- 2-2 Tiyakin ang mga impormasyong nilalabas ng City Hall, atbp.

Idikit ang selyo ng impormasyon sa paglikas

3 Paglikas ng matatanda, atbp **4** Utos ng paglikas sa lugar na may sa ↓.

Antas 3 Paglikas ng matatanda, atbp 高齢者等避難

Ang mga taong natatagalang lumikas tulad ng mga matatanda, na nasa mapanganib na lugar, ay dapat nang tumakas.

Antas 4 Utos ng paglikas 避難指示

Ang lahat ng mga taong nasa mapanganib na lugar ay kailangang tumakas na agad.

Antas 3 Paglikas ng matatanda, atbp

Antas 4 Utos ng paglikas

- Ang Sariling Timeline ay plano sa pagtakas.
- Iba't ibang bagay ang isaisip at pagandahin ang Sariling Timeline.

Isinasaisip ng City Hall, atbp, ang iba pang mga bagay maliban sa taas ng tubig kapag naglalabas ng mga impormasyon sa paglikas. Kaya ang mga impormasyon sa paglikas ay maaaring lumabas ng maaga o nahuhuli.



Halimbawa ng pagsulat ng Sariling Timeline

↓ ay halimbawa. Isipin ang sariling kalagayan at gawin ang Sariling Timeline.

Sariling Timeline

Gabay na Libreta P9-P11

B

Tinitirahang lugar

Pangalan

Petsa na ginawa

Taon

Buwan

Araw

Uri ng impormasyon

Itim: Impormasyon sa panahon, mga payo na mag-ingat at babala

Asul: Impormasyon sa taas ng tubig ng ilog

Berde: Impormasyon sa paglikas

Mula nagkaroon ng bagyo hanggang umapaw ang tubig ng ilog

Nagkaroon ng bagyo

Malapit na ang bagyo, lumalkas na ang ulan at hangin

Tumataas ang tubig ng ilog

Tumaas ang tubig sa ilog dahil sa malakas na ulan, dumadaloy na rin ang tubig sa tabi ng ilog

Maaaring umapaw ang tubig ng ilog

Ngayon mismo malapit nang umaapaw ang tubig ng ilog

Umapaw na ang tubig ng ilog

Sariling Timeline

Tsekin ang bagyo

Tiyakin ang mga impormasyon sa ulan at ilog sa TV, internet, atbp.

Ihanda ang mga bagay na kailangang dalhin sa oras na tumakas

Maghanda ng pagkain, inumin, atbp.

I-charge ang mobile phone.

Tsekin din ang ulan sa umpisang bahagi ng ilog

Pag-isipan kung saan tatakas.

Tsekin ng taas ng tubig ng ilog

Tawagan ang kakilala.

Tiyakin ang mga impormasyon sa "Paglikas ng matatanda, atbp".

Magsuot ng damit na madaling makakilos sa pagtakas

Tiyakin ang mga impormasyon sa "Utos ng paglikas".

Tumakas sa isang ligtas na lugar

Nakatakas ng ligtas

Oras hanggang umapaw ang ilog at ang taas ng pag-iingat

5~3 araw bago umapaw ang ilog

2 araw bago umapaw ang ilog

1 araw bago umapaw ang ilog

12 oras bago umapaw ang ilog

5 oras bago umapaw ang ilog

3 oras bago umapaw ang ilog

0 oras

Antas 1 na babala sa pag-iingat

○ Impormasyon sa bagyo

○ Ang galaw ng bagyo mula ngayon

◇ Payo na mag-ingat sa malakas na ulan (Bubuhos ang malakas na ulan)

◇ Payo na mag-ingat sa baha (Tataas ang tubig sa ilog)

◇ Babala sa malakas na ulan (Bubuhos ang napakalakas na ulan)

◇ Babala sa baha (Matinding tumataas ang tubig ng ilog, maaaring umapaw ito)

Inabot na ang taas ng tubig na dapat mag-ingat sa pag-apaw

Anunsyo ng impormasyon sa pag-iingat sa pag-apaw

Antas 2 na babala sa pag-iingat

Antas 3 na babala sa pag-iingat

Antas 4 na babala sa pag-iingat

Antas 5 na babala sa pag-iingat

Pangalan ng istasyon na tumitingin sa taas ng tubig:

石井 (右)

Inabot na ang taas ng tubig na mapasyahan nang lumikas 2.6 m

Anunsyo ng impormasyon sa babala na mag-ingat sa pag-apaw

Antas 3 Paglikas ng matatanda, atbp

Inabot na ang taas ng tubig na may panganib ng pag-apaw 3.3 m

Anunsyo ng impormasyon sa panganib ng pag-apaw

Antas 4 Utos ng paglikas

Nagumpisa na ang pag-apaw

Anunsyo ng impormasyon na umapaw na ang ilog

Tignan ang mga impormasyong nilalabas ng Japan Meteorological Agency, City Hall, atbp.



Maghanda para tumakas!

Mangolekta ng mga impormasyon

- Kapag may bagyong nag-umpisa at maaaring dumating malapit sa inyo, tingnan ang Sariling Timeline.
- At mangolekta ng mga impormasyon para mapag-isipan kung tatakas o hindi.

Impormasyon sa bagyo at ulan → P13
Impormasyon sa taas ng tubig sa ilog → P14



Sa kasong tatakas

● Bilisan ang pagtakas bago maging mapanganib.

Kahit na wala pang impormasyon sa paglikas (tulad ng utos sa paglikas) mula sa City Hall, atbp, tumakas bago maging mapanganib.



- Kontakin sa LINE o Facebook ang mga taong madalas ninyong makaugnay.
- Kapag nakitang tumakas ang Hapon na malapit sa inyo, kumonsulta sa kanila.

Mga pag-iingat kapag iniisip kung kailan tatakas

- 1 Kahit na walang impormasyon sa paglikas, tumakas bago dumilim.
- 2 Tumakas bago huminto ang takbo ng mga tren at bus.
- 3 Tumakas bago lumakas ang ihip ng hangin.
- 4 Tumakas kung may makikitang kakaiba kaysa karaniwan.

- 1 Dumadami ba ang tubig ng ilog malapit sa ilog?
- 2 Bumabagsak ba ang mga lupa at bato malapit sa mga bangin? Mag-ingat lamang.

● Kapag tumakas sa malayong lugar

Tiyakin din sa hazard map ng lugar na tatakasan kung ang tatakasang lugar ay ligtas o hindi.

Kapag tatakas na gamit ang tren o bus, tiyakin kung ang tren o bus ay tumatakbo!

Tingnan ang Twitter o Facebook ng lungsod.



Tignan ang website na ito ↓.

Multilinggwal
na Sentro ng
Konsultasyon



自治体国際化協会 (CLAIR)

NHK WORLD JAPAN



NHK

Impormasyon sa tren




NHK 鉄道運行情報

Tsekin sa
pamamagitan
ng QR code

02 Tiyakin ang mga impormasyon sa bagyo at ulan!

Tiyakin ng ilang beses ang mga bagong impormasyon sa bagyo at ulan pagkatapos nag-umpisa ang bagyo.

Impormasyon sa bagyo



Tiyakin ang forecast ng panahon sa TV at sa website ng Japan Meteorological Agency, para sa “kung nasaan ang bagyo at saan ito pupunta”, “kung gaano lalakas ang ulan at hangin” atbp.

Impormasyon sa ulan




Makikita ang mga impormasyon sa ulan at panahon sa “Impormasyon sa pag-iwas sa sakuna sa ilog” at website ng Japan Meteorological Agency.

Website ng Japan Meteorological Agency


Top page



Impormasyon sa bagyo



Impormasyon ng mga payo na mag-ingat at babala



Tignan ang website na ito ↓.

Website ng Japan Meteorological Agency

Tsekin sa pamamagitan ng QR code



気象庁

Impormasyon sa pag-iwas sa sakuna sa ilog



国土交通省

Impormasyon sa pag-iwas sa sakuna sa ilog Wikang Hapon



国土交通省



Tsekin ang taas ng tubig sa ilog!

- Kahit tumigil na ang ulan, maaaring tumaas pa rin ang tubig sa ilog at may kasong umapaw pa rin ang ilog.
- Tingnan ang taas ng tubig sa ilog upang makapagtanda bago ilabas ang mga impormasyon sa paglikas.


Tingnan ang taas ng tubig sa ilog

Impormasyon sa pag-iwas sa sakuna sa ilog

Maaaring makita gamit ang QR code sa P13



Tingnan ang “panukat sa taas ng tubig”




Malalaman ang kasalukuyang taas ng tubig sa ilog sa mapa.

Maaaring makita ang taas ng tubig sa ilog sa pamamagitan ng kamera.




Kapag pinindot ang **凡例** makikita ang detalyadong impormasyon tungkol sa taas ng tubig.



Ang ibig sabihin nito ↑: Kapag dumating sa 7.6m ang taas ng tubig labas ang paglikas ng mga matatanda, atbp, kapag dumating sa 8.4m labas ang utos sa paglikas.

Ang taas ng tubig at antas ng pag-iingat

Kapag ang tubig sa ilog ay tumaas, pag-isipan kung ano ang gagawin



Emerhensiyang pagtiyak sa kaligtasan

Utos ng paglikas

Paglikas ng matatanda, atbp

Antas ng pag-iingat	Mga kinakailangang aksyon
5	Mapanganib dahil hindi na makakatakas
<Kailangang tumakas sa antas 4 na babala sa pag-iingat>	
4	Tumakas agad
3	Ang mga taong natatagalang lumikas tulad ng mga matatanda ay dapat nang tumakas

Mga pag-iingat kapag ginamit ang Sariling Timeline

May kasong mas maaga magiging
mapanganib kaysa Sariling Timeline!



- 1** Kapag ang ulan ay napakalakas, maaaring kailangang tumakas ng mas maaga kaysa Sariling Timeline.
- 2** Tiyakin ng husto ang mga impormasyon ng panahon at impormasyon sa paglikas.
- 3** Tingnan ang nakolektang impormasyon at ang Sariling Timeline, at tumakas bago maging mapanganib.

Pagkatapos gawin ang Sariling Timeline...

- Makipag-usap sa mga Hapong kapit-bahay. Pagkatapos isulat ang mga napansing bagay.
At tiyakin muli kung nabago ang pamilya, tinitirahang lugar, trabaho o paaralan.
- Mula ngayon din, tiyakin ang Sariling Timeline.



Gamitin ang Sariling Timeline at ligtas na tumakas

逃げキッドの内容に関するお問い合わせ



Foundation of River & Basin Integrated Communications, JAPAN

一般財団法人 河川情報センター
<http://www.river.or.jp/>

〒102-8474

東京都千代田区麹町一丁目三番地 (ニッセイ半蔵門ビル)

電話 03-3239-8447 FAX 03-3239-0929

e-mail frics@river.or.jp

翻訳や言語に関するお問い合わせ



一般財団法人

自治体国際化協会

〒102-0083

東京都千代田区麹町一丁目七番地 (相互半蔵門ビル 1・6・7 階)

電話 03-5213-1730 FAX 03-5213-1741

e-mail tabunka@clair.or.jp

原 案 作 成 鬼怒川・小貝川上流域大規模氾濫に関する減災対策協議会 / 鬼怒川・小貝川下流域大規模氾濫に関する減災対策協議会
改定原案作成 中国地方整備局岡山河川事務所 / 高梁川・小田川緊急治水対策河川事務所
多言語版作成協力 仙台市、(公財)仙台観光国際協会